# Balitang Manmin

BILANG 105 ABRIL 6, 2014

# Nakilahok ang GCN sa Pulong at Pagtatanghal ng NRB para sa Taong 2014

1



2


3


Ang GCN ay nagpapalabas ng iba't ibang programa sa loob ng 24 oras bawat araw. Inihahatid nila ang mensahe ng buhay, mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos na nagpapatunay ng nakasulat sa Biblia, mga papuri at panalangin na nagbibigay ng lugod sa Diyos, mga personal na patotoo, at iba pang impormasyong makakatulong sa araw-araw na pamumuhay. Maaari itong panoorin sa 'mobile phones' (m.gcntv.org) at sa internet. (litrato 1: ang pwesto ng GCN, litrato 2: Dr. Jerry Johnson, Pangulo ng NRB (kanan), litrato 3: mga bisitang interesado sa mga libro ni Dr. Jaerock Lee)

Noong Pebrero 22-25, 2014, nakilahok ang GCN sa pulong at pagtatanghal ng NRB (National Religious Broadcasters) na idinaos sa Nashville, Tennessee, Estados Unidos. Ang NRB, na nagdiriwang ng ika-70 anibersaryo, ay isang organisasyon ng mga Cristianong brodkaster mula sa buong mundo. Mahigit-kumulang 1,400 na brodkaster ang miyembro nito. Sa Estados Unidos ito nagsimula.

Nagsaya at nakisama ang GCN sa mga lider ng NRB, kabilang dito si Dr. Richard Bott, Tagapangulo ng NRB. Siya ang nag-anunsyo sa publiko ng tungkol sa GCN (www.gcntv.org). Nagkasundo sila na magtutulungan. Binisita ng maraming lider na mga Cristianong brodkaster mula sa iba't ibang bansa ang puwesto ng GCN.

Bumisita din sa pwesto ng GCN ang Pangulo ng NRB na si Dr. Jerry Johnson. Napansin niya ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee na nakahanay. Sinabi niya, "Gusto kong bumisita si Dr. Jaerock Lee sa pulong ng NRB." Interesado siya sa librong *Impiyerno*, sinabi niya, "Hindi na ipinapangaral ng mga pastor ngayon ang tungkol sa Impiyerno."

Sinabi ni Rev. Igor Nikitin, Pangulo ng TBN Russia, "Nagbukas ako ng bagong istasyon at ibinobrodkast ko doon ang programang tungkol sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee. Kahit dalawang buwan pa lang ito ipinapalabas, marami na ang nagpapadala ng mga hiling ng pananalangin mula sa kanya. Wala nang ibang katulad si Dr. Lee na nagpapakita ng hindi mabilang na pagpapagaling sa pamamagitan ng panalangin."

Ang brodkaster ay makikipagtulungan sa ibang mga grupo tulad ng Rede TV, Brazil; Avetis TV, Armenia; at TWR Africa (Trans World Radio), ang nangungunang istasyon ng radio na pang-Cristiano sa buong mundo. Nakipag-usap din ang brodkaster at ang mga kasamahan niya tungkol sa pakikipagtulungan kay Dr. John Ankerberg, Direktor ng Lupon ng NRB at kilalang host ng mga programa.

## Balitang Litrato

### Espesyal na Pagtugtog ng Nissi Orchestra para sa Pagdiriwang ng Kanilang Ika-22 Anibersaryo



Noong Marso 2, 2014, sa Pagsamba sa Linggo ng Gabi, niluwalhati ng Nissi Orchestra ang Diyos sa pamamagitan ng kanilang espesyal na pagtugtog ng mga awiting 'He Is Receiving Glory' at 'The Walk of Faith'. Ang Nissi Orchestra ang pinakaunang grupo ng mga manunugtog sa buong mundo na nagpapakadalubhasa sa pagtugtog ng mga papuri. Si Elder Gwanhyung Cho ang konduktor ng grupo.

# Ang Pagsamba sa Ika-20 Anibersaryo ng Iida Manmin Church




Noong Pebrero 23, 2014, nagdaos ng pagsamba para sa ika-20 anibersaryo ang Iida Manmin Church sa Iida, Nagano Prefecture, Japan. Ang iglesyang ito ay pinaglilingkuran ni Seungkil Ryu. Naging tagapagsalita sa okasyon ang patnubay na pastor ng Manmin para sa buong mundo na si Rev. Heesun Lee.

Maraming pastor at mga mananampalataya mula sa mga sangay na iglesya sa Japan ang dumalo. Sa unang bahagi ng programa, nagpakita ng espesyal na pagtatanghal ang Power Team ng komite ng sining ng Manmin Central Church. Ang United Choir ng Iida Manmin Church at Rainbow Band ay umawit ng mga espesyal na papuri. Pagkatapos, ipinangaral ni Rev. Heesun Lee ang mensaheng may pamagat na "Fruit" (Bunga). Sa pangalawang bahagi, nagtanghal ang mga grupo mula sa mga sangay na iglesya ng Japan. Pagkatapos, naghandog ng makapangyarihang pagtatanghal ng sayaw at awit ang Power Team, sinabayan sila ng mga dumalo sa pagbibigay puri sa Diyos.

Noong Pebrero 22, idinaos ni Rev. Heesun Lee ang pulong na may pagpapagaling gamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Tinanggap ng mga dumalo ang apoy ng Espiritu, maraming karamdaman at kahinaan ang gumaling tulad ng rhinitis, binting may bali, at mga sakit sa balikat. Niluwalhati nila ang Diyos.

# Ang Karunungang Makatwiran

"Nguit ang may karunungang mula sa Diyos, una sa lahat, ay may malinis na pamumuhay, sila'y maibigin sa kapayapaan, mahinahon, mapagbigay (o makatwiran), mahabagin, at masipag sa paggawa ng mabuti, hindi nagtatangi, at hindi nagkukunwari" (Santiago 3:17, Magandang Balita Biblia).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Kahit sinong magwawaksi ng mga kasalanan at kasamaan at magsusulong ng kapayapaan ay magiging mahinahon at mapagbigay sa kapwa, nakahanda siyang makinig sa ibang tao. Ano ang kahulugan ng karunungang makatwiran?

Ang makatwiran ay pagpapakita ng mabangong samyo ng mabuti at magandang kalooban na may masaganang bunga sa mga salita at mga gawa. Kung puno ng kabutihan at katotohanan ang puso ninyo, magsasalita at gagawa kayo ng magaganda at mabubuting bagay. Pero ang pagiging mabuti ay hindi lang mahinahon at malambot sa lahat ng oras. Mayroon din itong lakas at tapang. Kapag pareho silang nasa hangganan ng katotohanan, pipiliin ng isang taong makatwiran kung ano ang mas nakakalugod sa mata ng Diyos. Makikilala niya ito sa tulong ng Banal na Espiritu. Ang katangiang makatwiran ay pwedeng hatiin sa tatlong klase.

### 1. Dahil nakikilala nito kung ano ang totoo sa bawat situwasyon, ang taong makatwiran ay magiging mapagpayapa at magbibigay siya ng kapayapaan sa ibang tao

Dahil ang kalooban na espirituwal na kabutihan ay puno ng katotohanan, mayroon itong kapangyarihan ng liwanag para itaboy ang kadiliman. Kapag magpapayo o papatnubay ang isang taong makatwiran, makikita niya ang pinagmumulan ng problema. Magbibigay siya ng panibagong lakas sa ibang tao. Kung may makasariling motibo siya, mas iisipin niya ang pansariling pakinabang at mga sama ng loob. Hahanapin niya ang 'pag-aari ko', 'pamilya ko', 'kasikatan at kapangyarihan ko', 'kapurihan ko', at 'kaginhawahan ko'. Pero kung wala naman, makakakita ito ng paraan para lutasin ang problema

Sa Lucas kabanata 12, may isang taong lumapit kay Jesus at hiniling sa Kanya na hatiin ng pantay ang pinamana sa kanilang magkapatid ng mga magulang nila. Sa situwasyong ito, hindi siya tinuruan ni Jesus ng kahit na ano tungkol sa paghahati ng mana at kung gaano kalaki ang dapat tanggapin ng magkapatid. Sa halip, itinuro Niya ang isang bagay na mas mahalaga, sinabi Niya, "Mag-ingat kayo at magbantay laban sa lahat ng kasakiman, sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa kasaganahan ng kanyang mga ari-arian."

Kung hindi iwawaksi ng taong ito ang kasakiman niya, palagi silang mag-aaway ng kapatid niya. Kaya, ibinigay sa kanya ni Jesus ang pinakamahalagang solusyon sa problema niya. Ibinigay ni Jesus sa kanya ang espirituwal na kasagutan sa pamamagitan ng pagtuturo ng tunay na paraan kung paano mabibiyayaan. Kung susuriin ninyo ang puso ninyo nang may katwiran, makikita ninyo ang pinakaugat ng kahit na anong problema.

### 2. Ang pagiging makatwiran ay mapanatag sa sarili, tahimik at kalmado sa pag-unawa ng kalooban ng Diyos, kahit sa mahihirap na situwasyon

Kung makatwiran ang kalooban natin, wala tayong kahit na anong kabalisahan, hindi lang kung may kasaganahan, kundi kahit may kahirapan (Filipos 4:11-12). Hindi manghihina ang kalooban natin, sinasabing, "Mahirap ito at iyon." Magagawa natin ang lahat ng bagay ng may pagpapasalamat at kagalakan. Ang dahilan nito ay sapagkat ang pagpapala ng Diyos na nasa atin ay mas malaki kaysa sa paghihirap na hinaharap natin.

May mga taong magrereklamo at magagalit kung hindi mangyayari ang gusto nilang mangyari o kung mahihirapan sila. Sisisihin pa nila ang ibang tao. Gayon pa man, ang mga taong makatwiran ay hindi mababalisa kahit mahirap ang situwasyon. Maaaring mabigla sila o malungkot pero tatahimik lang sila habang inaalam kung ano ang kalooban ng Diyos sa situwasyong nangyayari. At dahil batid nila na minamahal sila ng Diyos, pwede silang maging mapayapa bago magdesisyon kung ano ang dapat gawin.

Kung kuntento tayo sa situwasyong kinalalagyan natin, at kung makatwiran tayo at sumusunod sa kabutihan, gagabayan tayo ng Banal na Espiritu. Sa paraang ito, makikita natin kung ang kalooban ng Diyos ay magpatuloy tayo o huminto muna at magpatuloy na lang ulit sa susunod.

### 3. Hindi lang sumusunod sa Salita ng Diyos ang taong makatwiran, higit pa sa inaasahan ang gagawin niya

Halimbawa, may ipinagawang isang bagay ang mga magulang sa anak nilang lalaki bago sila umalis. Sinabi nila, "Alagaan mo ang kapatid mong maliit at mag-aral ka!" Pagkatapos niyang mag-aral, pwede na siyang maglaro. Pero, pag-uwi ng mga magulang niya, nakita nilang hindi lang nag-aral ang anak nila, naglinis pa ng bahay. Inunawa niya ang kalooban ng mga magulang niya, ginawa niya ang higit pa sa inaasahan. Napakabait niya, pwede siyang ipagmalaki ng mga magulang niya!

Tulad nito, ang mga taong makatwiran ay sumusunod sa Salita ng Diyos dahil mahal nila ito. Higit pa dito, batid nila kung ano ang nararapat na gawin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Kapag may iniutos na isang bagay sa kanila ang Diyos, gagawa sila ng dalawa o tatlo o higit pa dahil batid nila ang kalooban Niya. Kapag minasdan ng Diyos ang mga anak Niyang tulad nito, malulugod Siya, at sasabihing, "Karapat-dapat sila sa harapan Ko."

Sa buhay natin bilang mga Cristiano, kung minsan, kailangan nating pumili ng isa sa dalawang bagay. Kung ang isa ay katotohanan, at ang isa naman ay kasinungalingan, natural na pipiliin ang katotohanan. Kung pareho silang katanggap-tanggap ayon sa katotohanan, mas pipiliin ng karamihan ang bagay na pakikinabangan nila. Pero kung makatwiran tayo, pipiliin natin kung ano ang makakapagbigay ng kaluwalhatian sa Diyos at makakalugod sa Kanya.

Sa paraang ito, kung nasa mas malalim na antas ang pagiging makatwiran natin, hindi lang natin susundin ang Salita ng Diyos, gagawa pa tayo ng higit pa sa dapat nating gawin.

### 4. Kumilos si apostol Pablo ayon sa karunungang makatwiran

Makikita natin kung gaano pinangalagaan ni apostol Pablo ang pagiging makatwiran niya sa pamamagitan ng mga ginawa at ipinahayag niya. Lubos niyang sinunod ang Batas ni Moises kahit noong bago pa niya tanggapin ang Panginoon. Nang makilala niya ang Panginoon, inihandog niya ang lahat para sa ebanghelyo. Hindi siya nagsaya o umabuso sa mga bagay na dapat niyang tamasahin.

Halimbawa, sinabi niya sa 1 Mga Taga-Corinto 8:13, "Kaya, kung ang pagkain ay nakapagpapatisod sa aking kapatid, kailanman ay hindi ako kakain ng karne, upang ako'y huwag makapagpatisod sa aking kapatid." Ito rin ang sagot sa tanong na, "Pwede ba nating kainin ang pagkaing isinakripisyo sa mga diyus-diyosan?" Siyempre, kung alam na nating ang isang bagay ay isinakripisyo sa mga diyus-diyosan, mas mabuti pang hindi na ito kainin. Pero hindi natin pwedeng malaman sa lahat ng oras kung saan nanggaling ang karne. Kaya hindi masasabing kasalanan kung makakain kayo ng isang bagay na naisakripisyo sa mga diyus-diyosan (Mga Taga-Roma 14). Pagkain lang ito; kung kakainin ninyo ito, hindi nangangahulugang sumamba din kayo sa diyus-diyosan.

Pero baka hindi maging panatag ang kalooban ng mga mahihina ang pananampalataya kung kakain sila ng pagkaing isinakripisyo sa mga diyus-diyosan. At kung makikita nila ang isang taong mananampalataya na kumakain ng ganito, baka isipin nilang sumasamba ang mga ito sa diyus-diyosan. O kaya, baka kumain din sila, at sasabihing pwede naman pala dahil kinain ito ng mananampalataya. Pwede nilang kainin ito kung iisipin nilang pagkain ito, magkakaproblema kung kukunsiyensyahin sila habang kinakain nila ito. Kung pakiramdam ninyo hindi ninyo dapat gawin ang isang bagay, pero ginawa pa rin ninyo, pwede kayong akusahan ni Satanas (Mga Taga-Roma 14:23).

Kung si Pablo ang pag-uusapan, pwede naman niyang kainin ang mga pagkaing isinakripisyo sa mga diyus-diyosan dahil may pananampalataya siya. Pero hindi niya kinain ang mga pagkaing tulad nito dahil baka may matisod. Pinili niyang hindi kumain ng karne habang buhay sa halip na makatisod ng kaluluwa dahil sa ginawa niya. Lubos na nalugod ang Diyos kay Pablo dahil ganito ang ginawa niya. Binigyan siya ng Diyos ng mas malaking kapangyarihan kaysa sa ibang mga apostol. Binigyan din siya ng Diyos ng malinaw na inspirasyon at karunungan para masagot niya ang mga tanong ng mga mananampalataya tungkol sa pag-aasawa, diborsyo, problema sa pamilya at trabaho, mga kaloob ng Banal na Espiritu, at Banal na Komunyon o Banal na Hapunan.

Makakapili tayo ng mga bagay na makakalugod sa Diyos, makikilala ang kalooban niya, makakapagtanim ng pananampalataya sa puso ng mga tao sa pamamagitan ng mabuti at magandang pananalita, at makakasagot sa mga problema ayon sa katotothanan kung mayroon tayong karunungang makatwiran.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo,

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tanggapin nawa ninyo ang karunungang makatwiran na puspos ng kabutihan at katotohanan. Mabigyang lugod nawa ninyo ang Diyos sa pamamagitan ng mabuting gawa at pananalitang nagbibigay ng 'sariwang tubig'.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Panalanging Gusto ng Diyos

Nakaugalian ni Jesus na manalangin ng nakaluhod at maalab. Ayon ito sa kalooban ng Diyos na inilarawan sa Lucas 22:39-44. Itinuturo ng panalangin Niya kung paano tayo mananalangin, kung ano dapat ang laman ng kalooban at isipan natin. Kahit si Jesus ay Anak ng Diyos, masigasig Siya sa pananalangin. Ipinakita Niya ang tamang halimbawa ng pananalangin. Paano tayo mananalangin bilang mga anak ng Diyos?

Masigasig ang pananalangin ng propetang si Elias. Taos-puso ito at nakayuko sa lupa, at nakalagay ang mukha sa pagitan ng mga tuhod niya. Dahil sa panalangin niya, umulan nang malakas at nagwakas ang panahon ng tagtuyot. Kapag maalab tayong mananalangin ng buong puso, tatanggap tayo ng mga kasagutan at mga biyaya.

## Manalangin ng Buong Puso

Perpekto at hindi nagbago ang pananampalataya ni Abraham sa Diyos. Hindi siya nag-alinlangan ni sumuway sa Salita Niya. Dahil pinaniwalaan niyang kayang bumuhay ng patay ng napakamakapangyarihang Diyos, sumunod siya sa Kanya nang sabihin nito sa kanya na ialay ang nag-iisang anak niyang si Isaac bilang handog na susunugin (Sa Mga Hebreo 11:19). Dahil dito, tinawag ng Diyos si Abraham na 'ama ng pananampalataya' at binigyan ito ng lahat ng klaseng biyaya, kalusugan, yaman, at karangalan.

Maraming taong nagdududa, sumusuway, at nagrereklamo kapag hindi nangyayari ang inaasahan nila. May mga nagsasabing naniniwala sila, pero tumatalikod at nagsisimulang magduda. Ang iba naman ay nasa gitna ng paniniwala at pagaalinlangan, parang alon sa dagat na inihahagis ng hangin. Sinasabi ng Santiago 1:6-8 na huwag umasa ang mga taong ito na tatanggap sila ng kahit na anong bagay mula sa Panginoon, dahil nagdadalawang- isip sila at hindi matatag.

## Tumangis sa Pananalangin

Mababasa sa Jeremias 33:3, "Tumawag ka sa Akin at Ako'y sasagot sa iyo, at magsasabi sa iyo ng mga dakila at makapangyarihang bagay na hindi mo nalalaman." Ang kahulugan ng 'Tumawag ka sa Akin' ay dapat tayong tumangis sa pananalangin sa Diyos na may masigasig na kalooban. Kapag tumatangis tayo habang nananalangin, makakatuon tayo at hindi aantukin, makakapanalangin tayo ng buong puso.

Kung nagtatrabaho o nagpapagod tayo para may makain, tatanggap tayo ng mga kasagutan kung tatangis tayo sa pananalangin (Genesis 3:19). Dadaan ang panalangin sa kampo ni Satanas, dahil siya ang prinsipe ng himpapawid, bago makarating sa trono na nasa Langit. Sa pamamagitan ng panalanging katulad nito, mapupuspos tayo ng Espiritu. Maitataboy ang mga pagsubok at mga kalungkutan at matutugunan ang mga problema. Kapag tumangis tayo ng maalab sa pananalangin, tatanggapin natin ang kapangyarihan ng Espiritu at magiging tunay na mga saksi tayo ni Jesu-Cristo.

## Manalangin ng may Pananampalataya

Dapat tayong magsikap para magkaroon ng pananampalataya. Pero higit na mahalaga, tanggapin natin ang pananampalataya mula sa Diyos. Ang pananampalatayang mula sa Diyos ay espirituwal at mayroong kasamang mga gawa. Kung mayroon tayo nito, matitiyak natin na darating ang mga kasagutan. Nakasulat sa Marcos 11:24 ang ganito, "Kaya nga sinasabi ko sa inyo, ang lahat ng bagay na iyong idalangin at hingin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at iyon ay mapapasainyo."

Ibibigay ng Diyos ang mga kasagutan sa bawat isa ayon sa pananampalataya nila kapag nananalangin sila. Kung malago at matatag ang pananampalataya natin kahit ano pa ang mangyari at mananalangin tayo, makikita ito ng Diyos at bibigyan Niya tayo ng mga kasagutan. Magiging mabuti ang lahat ng bagay. Darating ang kalakasan kung iipunin natin ang mga panalangin sa langit. Pwede nating labanan at iwaksi ang mga kasalanan, sundin ang katotohanan, at magkaroon ng pananampalatayang kalulugdan ng Diyos. Ang mga mananampalatayang mayroong perpektong pananampalataya ay sinusundan ng mga tanda. Ibig sabihin, magpapalayas sila ng mga demonyo, magsasalita sila ng mga ibang wika, hahawak sila ng mga ahas, iinom sila ng lason at hindi sila mamamatay, ilalapat nila ang mga kamay nila sa mga maysakit at gagaling ang mga ito (Marcos 16:17-18).

## Manalangin ng may Layunin

Kung magtatakda tayo ng tukoy na layunin sa isang bagay, pagsisikapan natin ito at magkakaroon ng mas mabilis na katuparan. Sa kabaliktaran, kung malabo ang layunin, hindi natin maitatakda ang tamang direksyon. Magkakaroon tayo ng mga pagaalinlangan kung bakit natin ito sinimulan lalo na kapag nagkaroon ng kahit maliit na problema.

Kapag nananalangin tayo sa Diyos, dapat mayroon tayong layunin. Kung hindi tayo hinahatulan ng puso natin at mayroon tayong lakas ng loob sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng katotohanan, nangako ang Diyos na ibibigay Niya ang kahit na anong hilingin natin sa Kanya (1 Juan 3:21-22). Kung ang layunin at hangarin ng panalangin natin ay tiyak at malinaw, mas masigasig tayong mananalangin, mas may pasensya. Para magkaroon tayo ng lakas ng loob na humarap sa Diyos, sundin natin ang mga utos Niya at gumawa tayo ng mga bagay na kinalulugdan Niya. Ito ay sapagkat batid na ng Diyos ang pangangailangan natin bago pa tayo manalangin. Kapag sinuri Niya ang puso natin at walang nakitang kahit na anong bagay na pwedeng ihatol sa atin, ibibigay Niya ang mga pangangailangan natin.

## Manalangin ng may Pag-ibig

Mababasa sa Mga Hebreo 11:6, "At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos, sapagkat ang sinumang lumalapit sa Kanya ay dapat sumampalatayang may Diyos at siya ang tagapagbigay-gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa Kanya." Naisulat, kung naniniwala tayo na sasagutin ang panalangin natin at ang mga ito ay magiging gantimpala sa Langit, hindi tayo mapapagod sa pananalangin, at hindi natin iisiping mahirap manalangin. Higit pa riyan, kung mananalangin tayong may pag-ibig para sa mga kaluluwa, tulad ni Jesus na maalab na nanalangin para isakripisyo ang buhay Niya para sa lahat ng tao, makakapanalangin din tayo ng maalab.

Ang panalanging gusto ng Diyos ay ang panalanging hinahanap ang kaharian at kabanalan Niya una sa lahat. Ito ang panalangin para sa iglesya, sa pastol, at mga kaluluwa. Ang panalanging mayroong tunay na pagmamahal para sa Diyos at may gutom at uhaw para sa katuwiran. Ito ay panalanging may espirituwal na pag-ibig na nagmumula sa pusong nakakabatid ng kalooban ng Diyos, at may layuning mapalaki ang kaharian Niya. Ito ay panalanging naglalaman ng kalooban ng Diyos.

# “Masaya ako sa pagbabahagi ng makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa mga kaluluwa”



Kap. Ri Qiu Pong, Paris, France

Ako ay isang intsik na naninirahan sa Paris, France. Mula pa noong taong 2011, dumadalo na ako sa mga pagsamba ng Manmin Central Church sa internet. Noong mga panahong iyon, biniyayaan ako ng Diyos na maranasan ang kamangha-manghang makapangyarihang pagkilos Niya sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee.

Nang magsimula ang taong 2013, sumali ako sa isang grupo na nag-aaral ng Biblia habang nasa Colombia ako nang mahigit sa 20 araw. Ibinalita ko ang tungkol sa makapangyarihang panyo ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12) at ang Muan Sweet Water (Exodo 15:25) sa mga miyembro ng grupong ito. Nagpatotoo rin ako tungkol sa paggaling ng alta presyon ko na bumagabag sa akin sa loob ng sampung taon ng ipanalangin ako ni Dr. Lee kahit nasa ibang bansa siya. Ipinakita ko sa kanila ang litrato ni Dr. Lee.

Mayroong isang babaing nahirapang maglakad. Sinabi niyang nakikinig siya sa mga sermon ni Dr. Lee sa Enlace TV. Nabali ang balakang niya kaya nahirapan siyang lumuhod at hindi sumasayad sa lupa ang kanang talampakan niya. Hiniling ng mga miyembrong ipanalangin ko siya gamit ang panyo. Nagdalawang isip ako dahil hindi pa ako sanay na magdasal sa harapan ng maraming tao. Pero may pananampalataya sila kaya napuspos ako ng inspirasyon mula sa Banal na Espiritu.

Hindi ko binura sa cell phone ko ang panalangin ni Dr. Lee nang hilingin niya sa Diyos na bigyan ng kapangyarihan ang panyo. Umasa ako dito at nanalangin, “Diyos na Makapangyarihan! Kahit maraming bagay na kulang sa akin, gusto kong sundin ang kalooban ng Ama. Ipakita po Ninyo ang inyong kaluwalhatian sa pamamagitan ng anak Ninyo. Ama! Isaalangalang po Ninyo ang pananampalataya ng babaing ito at pagalingin po Ninyo siya.”

Iminungkahi ko na manalangin sila ng magkakasabay. Pagkatapos, binasa ko ng malakas ang panalangin ni Dr. Lee na isinalin sa wikang Intsik, idinalangin ko siya. Nilagyan ko ng Muan Sweet Water ang bahagi ng katawan niyang napinsala. May nangyaring kamangha-manghang bagay sa kanya. Sinubukan niyang yumuko, tumayo ng tuwid, at iunat ang mga tuhod. Nakalakad siya ng normal. Hallelujah!

Sa pagbalik ko sa France, may nakita akong pabilog na bahaghari na sumunod sa eroplanong sinasakyan ko sa loob ng 30 minuto. Pakiramdam ko sinabi ng Diyos sa akin na kasama ko Siya kaya napakasaya ko. Ngayong 2014, nakakaranas din ako ng masayang bagay. Inihatid ko ang ebanghelyo ng kabanalan kay Kap. Qinghua Liu mula sa Qingdao, China. Binigyan ko siya ng mga libro ni Dr. Lee. Pinayuhan ko siyang panuorin ang mga sermon ni Dr. Lee sa internet. Nakaranas siya ng kagulat-gulat na mga bagay.

Noong Enero 7, 2014, inoperahan siya sa uterus dahil mayroon itong bukol. Nagkaroon ito ng malalang pagdurugo. Noong Enero 18, 20, at 27, 2014, sumailalim siya sa tatlong ulit na paggagamot. Hindi pa rin huminto ang pagdurugo. Itinuro ko sa kanya ang kahalagahan ng pananatili ng araw ng Sabbath. Noong madaling araw ng Pebrero 2, 2014, nag-alay siya ng pagsamba sa Linggo ng umaga sa Manmin Central Church sa pamamagitan ng internet. Tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit. Nakaramdam siya ng matinding pananakit ng tiyan. Nagulat siya nang makita niyang natanggal ang benda ng operasyon niya. Pagkatapos, huminto na ang pagdurugo. Hallelujah!

Masaya na ngayon ang buhay Cristiano niya. Binabasa niya ang mga libro ni Dr. Lee, sumasamba sa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes, at nagbabahagi ng ebanghelyo sa mga tao. Lahat ng pagpapasalamat ay ibinibigay ko sa Diyos na nagpagaling sa akin sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon. Nagpapasalamat din ako dahil pinagpala Niya akong maging saksi na nangangaral ng mga makapangyarihang pagkilos Niya.

Sulat mula sa ibang bansa

# “Nakapaglakad ang apo kong hindi nakakalakad!”

Mahirap lang ang pamilya namin, at napakadami pa namin. Salat ang pamumuhay namin sa araw-araw. Hindi nakakapaglakad ang apo kong si Annalie (8 taong gulang) dahil kulang siya sa pagkain, napakahina ng katawan niya. Palagi lang siyang naka-upo sa may pintuan. At mas malala pa, iniwan siya ng tatay niya noong siya ay 3 taong gulang pa lang. Dahil lumayas ang manugang ko, nag-iisa ang anak kong babae sa pagpapalaki sa kanya.



Kap. Lydia Godinez
(Cebu Manmin Church, Philippines)

Napakahirap namin, mahirap para sa amin pati ang pagpunta sa simbahan. Pero noong 2013, Dinala ako ng isang kabataang lalaki sa Cebu Manmin Church. Si Pastora Rosetta Sung ang naglilingkod dito. Pinanatag ang kalooban ko at pinalambot ang puso ko ng mga sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Natutuhan ko na pwede akong makapasok sa mas mabuting tirahan sa Langit kung pananatilihin kong banal ang araw ng Sabbath, magbibigay ng buong ikapu, at tutularan ang kalooban ng Panginoon.

Noong Disyembre 8, 2013, nagbigyan ako ng pagkakataong maranasan ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ito’y noong idaos ang pulong na may panyong nakakapagpagaling sa Cebu Manmin Church na pinangunahan ni Rev. Heesun Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Sa totoo lang, hindi ko inisip na makakapaglakad pa ang apo kong si Annalie dahil walong taon na siyang hindi naglalakad.

Ipinangaral ni Rev. Lee ang sermon tungkol sa makalaman at espirituwal na pananampalataya. Idinalangin niya ang mga maysakit gamit ang panyong nakakapagpagaling. Tinanggap ng apo ko ang panalangin habang nakaupo. Pagkatapos, may nakakagulat na pangyayari! Sa tulong ng isang taong humawak sa mga kamay niya, nagsimulang lumakad si Annalie. Hallelujah!

Bago pa lang ako sa iglesya, pero dahil sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, pinagaling ng Diyos ang apo ko. Tuwang-tuwa ang anak kong nanay ni Annalie, tinanggap niya ang Panginoon at dumadalo na din sa iglesya, masaya na kami. Maraming salamat, Punong Pastor Dr. Jaerock Lee!

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714